

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194 | Tomo 3 Blg.5

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Setyembre-Oktubre 2015

5 coop chairmen sa NIZ lumahok sa *International Conference sa agribusiness, kooperatibismo*

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Limang magsasakang-maggagatas mula sa iba't-ibang kooperatiba sa National Impact Zone (NIZ), kasama ang ilang mga kawani ng Philippine Carabao Center (PCC), ang lumahok sa *Joint International Conference on Agribusiness and Cooperatives* noong Oktubre 14-17 sa Davao City.

Ang limang magsasakang-maggagatas, na mga *chairmen* ng kanilang kooperatiba, ay sina Melchor Correa ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC), Leoncio Callo ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC), Gerardo Delos Santos ng Casile Dairy Producers Cooperative (CDPC), Teody Nieva ng Guiset Organic Farmers Credit Cooperative (GOFCC), at Allan Benitez ng Simula ng Panibagong Bukas Producers Cooperative (SIPBU).

"Sila ay inirekomenda ng PCC sa paglahok sa kumperensiya dahil sila'y may gampaning tungkulin na kaugnay sa pagnenegosyo at pamumuno ng kooperatiba," ani Dr. Liza G. Battad, hepe ng *Planning and Information Management Division* ng PCC.

Pitong mga kawani na mula sa

iba't-ibang departamento ng PCC ang lumahok din sa kumperensiya.

Ininagawa ang *Joint International Conference* sa pagtutulungan ng University of the Philippines (UP), Institute of Cooperatives and Bio-Enterprise Development (ICOPE), College of Economics and Management (CEM), U.P. Los Baños at ng School of Management (SOM), U.P. Mindanao.

Idinaos ito kaugnay ng pagdiriwang ng ikasandaang taong anibersaryo ng Philippine Cooperatives sa taong ito.

Ang *conference*, na may temang "The Future of Agribusiness and Cooperative Enterprises: Examining Local and Global Contexts," ay magkasunod na pagdiriwang ng *2nd International Conference on Cooperatives (ICOOP2015)* ng ICOPE at *7th International Conference on Agribusiness Economics and Management (ICAEM2015)* ng SOM.

Nilayon nito na bigyang-diin ang mga mahahalagang tungkulin ng mga kooperatiba sa *agribusiness* at *enterprise development* gayundin ang mga oportunidad para sa mga

(Sundan sa p.2)



Si Melchor Correa, *chairman* ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative sa Barangay Sibut, San Jose City sa Nueva Ecija, habang ibinabahagi ang istorya kung paano naging "Best Dairy Cooperative" noong 2014 at 2015 ang kanilang kooperatiba.

Pagtutulungan ng PCC, lokal na pamahalaan, PVO isinasagawa para makamit ang *target* na aning 2M litro ng gatas sa 2016 sa NE


Ni Chrissalyn L. Marcelo

Simula Oktubre, ang iba't-ibang mga lokal na pamahalaan (LGUs) sa Nueva Ecija, sa pakikipagtulungan sa *provincial veterinary office (PVO)*, ay inaasahang malilikom at mai-susumite sa PCC ang ulat ukol sa kabuuang dami ng *native* na kalabaw, *crossbreds*, at purong lahi ng gatasang kalabaw sa kani-kanilang mga bayan.

Ang konkretong hakbang na ito ay resulta ng ginanap na "integration meeting" sa PCC nitong Setyembre 3 sa National Headquarters and Gene Pool nito sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Ang pagpupulong ay ukol sa pagtatamo ng *target* na makaani ng

(Sundan sa p.2)



Si Mario Delizo, *field technician* ng Philippine Carabao Center (PCC), habang ipinaliliwanag sa mga kalahok sa isang pagpupulong ang mga serbisyo ng PCC at ang mga hamon sa pagpapaangat ng produksiyon ng gatas sa Nueva Ecija.

SA LOOB...

Babala para sa mga magsasakang-maggagatas
Iwasan: Pagkuha ng pakain sa kalabaw na posibleng na-isprayan ng kemikal

p.2

Tanong at Sagot
Mga dapat tandaan ngayong 'calving season'

p.3

2M
litro ng gatas ng kalabaw sa 2016



Babala para sa mga magsasakang-maggagatas

Iwasan: Pagkuha ng pakain sa kalabaw na posibleng na-ispreyan ng kemikal

Ni Chrissalyn L. Marcelo

Ang pagpapakain ng kalabaw, kabilang na ang pagbibigay ng sinakateng damo, ay isa sa mga mahahalagang gawain ng mga nag-aalaga sa ganitong klase ng hayop.

Kung wala ang damo at pinakakain lamang ang kalabaw ng iba pang uri ng pakain na katulad ng dayami at iba pa, ay maaaring hindi maging malusog ang hayop at hindi ito makakakuha ng tamang nutrisyon.

Sa pag-aalaga ng kalabaw, isa nga sa mga dapat isaalang-alang ay ang wasto, tama at ligtas na pagpapakain.

Sa lebel ng mga magsasakang-maggagatas na ginabayang ng Philippine Carabao Center (PCC), karaniwan nang ang mga magsasaka ay mayroon nang *forage area* para mapagkunan ng pakain para sa kanilang mga alagang hayop.

Ganunpaman, kasabay ng dumarami nilang kalabaw ay ang pangangailangan naman nila sa mas maraming pakain para sa kanilang mga alaga.

Ayon sa PCC, ang bawat kalabaw ay nangangailangan ng sampung porsiyentong pakain mula sa kasalukuyang timbang nito. Lumalagay na kung ang kalabaw ay may timbang na 500, nararapat na 50 kilogramo ng pakain ang dapat ipakain rito sa araw-araw. Sa ganitong kahingian, isa ang pagpapakain sa mga hamon na kinakaharap ng isang magsasakang-maggagatas sa pag-aalaga ng kalabaw.

Karaniwan, kinukuha ng mga magsasaka ang damo sa kanilang *forage area*. Kapag kinukulang, sila ay nagsasakate o nagpapastol sa ibang lugar para lamang mapakain ang kanilang alagang kalabaw.

Ang ganitong gawain, ayon sa PCC, ay dapat na isagawa ng mga magsasaka ng may dobleng pag-iingat.

Isa sa mga aksidenteng dapat maiwasan sa pagsasakate o pagpapastol, ayon kay Dr. Lester Verona, isa sa mga kawani ng PCC, ay ang pagkalason ng kalabaw.

Ayon kay Verona, posible na sa pagsasakate ng damo o sa pagpapastol ng isang magsasakang-maggagatas sa isang lugar na hindi sa kanila ay malason nila ang kalabaw. "Maaari kasi na 'yong pinagkukunan nila ng damo o pinagpapastulan ay na-isprayan pala ng kemikal na pampuksa sa damo," aniya.

Kapag aksidenteng mapakain ang alagang hayop ng damong may kemikal ay maaaring malagay sa peligro ito, ani Verona.

Ayon sa kanya, maaaring maglaway, maging balisa, magkaroon ng duming lusaw, mabaho at malansa, at magluha ang mga mata ng kalabaw kapag ito ay nakakain ng damong may kemikal.

"Kung sakali't naparami pa ang kinaing damo na-isprayan ng kemikal, maaaring mamatay ang hayop," ayon kay Verona.

Maaari ring mangyari sa kalabaw ang mga sumusunod: (1) pagkakalaglag ng dinadala nito sa pagbubuntis; (2) pagbagsak ng produksiyon ng gatas; at (3) pagkasira ng lamang-loob nito lalo na ang atay at bituka, dagdag pa niya.

Ipinapayo ni Verona ang sumusunod na dapat isagawa upang maiwasan ang pagkalason ng alagang hayop:

Una, hangga't maaari, iwasan ang pagsasakate o pagpapastol ng kalabaw sa mga lugar na maaaring na-ispreyan ng kemikal.

Pangalawa, kung halimbawa namang nagsasakate sa tabing ilog o sa mga lugar na malapit sa tubig, dapat na iwasan pa rin ito dahil posibleng nakuntamina rin ng kemikal ang tubig.

Pangatlo, sikapin na magkaroon at maglaan talaga ng taniman ng damo para mabigyan ng sapat na pakain ang kalabaw. Kung maaari pa nga, dapat ay "zero-grazing system" o "total confinement" ang gawing sistema sa pag-aalaga ng kalabaw, at

Pang-apat, kung walang sapat na lupa na mapagtaniman ng damo at kulang sa pakain, mainam na bumili na lamang ng burong damo o kaya ay ng *total mixed ration (TMR)* mula sa mga nagsisipagbenta nito para masiguradong ligtas ang kalabaw sa pakain ng kumantaminado ng mapaminsalang kemikal. (*Makipag-ugnayan sa PCC kung nais malaman kung sino ang mga taong nagbebenta ng nasabing pakain*).

"Kung halimbawa naman na ang kalabaw ay aksidente nang nalason mula sa damong may kemikal na nakain nito, mas mabuti na tumawag na agad ng beteryaryo mula sa PCC," ani Verona.

Idinagdag niya na bagama't hindi pa pormal na naisusulat sa mga publikasyon, possible o maaaring gawing paunang-lunas sa kalabaw na nalason ng kemikal ang pagpapakain ng *molasses* o ibang matatamis na bagay at pagpupuwersa sa hayop na mapakain ng dinikdik na uling.

5 coop chairmen... (mula sa p.1)

kabuhayang pangkooperatiba sa sektor ng *agribusiness*.

Samantala, naanyayahan namang maging tagapagsalita si *chairman* Correa sa nasabing kumperensiya. Inilahad niya ang buong istorya ng EPMPC kabilang na ang kung paano ito nagsimula, kung anu-ano ang mga pagsubok na pinagdaanan ng mga mga opisyaes at miyembro, at kung paano nila ito napagtagumpayan sa tulong ng PCC.

"Nagalak po ako at may halong nerbiyos din dahil ako ang napiling maging tagapagsalita. Kung tutuusin, nirepresent ko po ang PCC at ang aking mga kapwa magsasakang-maggagatas at masasabi ko pong isang malaking pribilehiyo po 'yon," wika ni Correa.

Kanya ring inilahad ang mga naging tulong ng Department of Science and Technology (DOST), Department of Trade and Industry (DTI), Department of Agrarian Reform (DAR), *provincial and local government unit* at iba pang mga ahensiya at lingkod ng gobyerno sa pagpapaunlad ng kanilang kooperatiba.

Pagtutulungan ng PCC... (mula sa p.1)

dalawang milyong litro ng gatas sa Nueva Ecija batay sa layuning ng "Carabao-Based Enterprise Development (CBED) program".

Dinaluhan ang pulong ng mga kinatawan ng iba't-ibang lokal na pamahalaan, PVO, at mga *village-based artificial insemination technician (VBAIT's)* sa Nueva Ecija.

Inorganisa ito ng *Dairy Herd Improvement Program and Enterprise Development unit* at *CBED unit* ng PCC.

Isinagawa ang pagpupulong na humantong sa pagkakasundo sa pagtutulungan upang mas lalo pang mapalakas ng PCC ang ugnayan nito sa mga LGUs at PVO at makamit ang layunin na matamo ang *target* na dalawang milyong litro ng gatas sa 2016 sa lalawigan.

Pinag-usapan sa pagpupulong ang ukol sa programa ng PCC sa CBED, pagpapalahi at artipisyal na pagsesemilya, mga serbisyo ng ahensiya, at ang mga kinakaharap na suliranin ng ahensiya para makamit ang ninais na dami ng produksiyon ng gatas na maaani sa Nueva Ecija.

Tatlong empleyado ng PCC ang tumalakay sa hangarin ukol sa ganap na pagtutulungan ng mga inanyayahang kalahok sa pagpupulong at iba pang kaugnay na paksa.

Si Estella P. Valiente, *community development officer I* ng PCC, ang nagpaliwanag ng tungkol sa programang CBED. Si Dr. Fe Venturina, *AI coordinator* ng PCC sa Central Luzon

"Sa katunayan po, ang ilan sa mga miyembro ng aming kooperatiba ay nakapagpaaral ng kanilang mga anak sa kolehiyo habang ang ilan naman ay nakapagpundar na ng mga sasakyan dahil sa paggagatas. Ngayon, nakatutulong na rin kami sa iba pang mga kooperatiba at *dairy associations* dahil binibili namin ang kanilang mga aning gatas," kwento ni Correa sa kanyang pagsasalita sa kumperensiya.

Sinabi ng mga nagsilohok sa kumperensiya na ang okasyon ay naging daan sa pagbabahagi ng kaalaman at karanasang kaugnay sa pagpapaunlad ng kooperatiba at pagtataguyod sa potensyal nito na makatulong sa *agribusiness* at *socio-economic development*. Ito rin ay naging malaking oportunidad para makapagtayo at mapagtibay nito ang ugnayan sa lokal at *international stakeholders* sa larangan ng *agribusiness* at mga kooperatiba.

(Mababasa sa *philcoop.net* ang iba pang impormasyon ukol sa nasabing kumperensiya.)

State University (PCC sa CLSU) ang tumalakay naman ng programa sa pagpapalahi ng kalabaw samantalang si Mario Delizo, *field technician* ng PCC, ang nagpresinta tungkol sa mga serbisyo ng PCC at sa mga hamon na kinakaharap para mapaangat ang produksiyon ng gatas sa probinsiya.

Ayon kay Valiente, ang programang CBED ng PCC ay ukol sa: (1) pagbibigay sa mga magsasaka ng karagdagang kabuhayan mula sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw o kabuhayang-salig-sa-kalabaw; (2) pagbibigay sa mga komunidad ng wasto at tamang nutrisyon; at (3) pagsasaayos ng mas higit pang kabuuang pamumuhay ng pamilya ng mga magsasaka gamit ang pagpaparami ng mga kalabaw.

Tinalakay naman ni Venturina ang mga kailanganing hakbang o gawain para mapataas ang produksiyon ng gatas.

Ani Venturina: "Kinakailangan na makapagserbisyo ang mga *AI technicians* ng PCC sa CLSU at mga *VBAIT's* sa Nueva Ecija ng *artificial insemination* sa 8,000 kalabaw sa ating probinsiya. Kinakailangan rin na magkaroon tayo ng 2,400 na ginagatasang kalabaw kada taon para makamit natin ang ating hangad na makaani ng dalawang milyong litro ng gatas. Kung hindi, ay malabo nating magawa ang layunin natin".

Idinugtong niya na nasa 5,000 lamang na bilang ng kalabaw sa kasalukuyan ang naseserbisyuhan ng AI sa probinsiya. Sa bilang na ito, anya pa, ay umabot lamang

(Sundan sa p.3)

Tanong at Sagot

Mga dapat tandaan ngayong 'calving season'

Tinipon nina Lester S. Verona at Ma. Cecilia C. Irang

T- Paano ba malalaman kung malapit nang manganak ang kalabaw?

S- Dapat nating alamin ang eksaktong petsa kung kailan ito nabulog at dapat mayroon tayong kaalaman sa paggamit ng *breeding calendar*. Sa pamamagitan ng mga ito ay malalaman natin kung kailan manganak ang ating kalabaw.

T- Ano ang mga tamang dapat gawin sa pag-aalaga ng buntis na kalabaw?

S- Pinakaimportante na mapurga ang kalabaw isang buwan bago ito manganak at mabigyan ito ng malinis at kaaya-ayang lugar panganakan.

T- Anu-ano ang mga senyales para malaman kung malapit nang manganak ang kalabaw?

S- Ang kalabaw na malapit nang magsilang ay hindi mapakali, gustong mapag-isa at maya't-maya'y humihiga at tumatayo — mga senyales na nagle-*labor* na ito. Maliban dito ay may mga pagbabago rin sa ugali at pisikal na kalagayan ng kalabaw tulad ng paglambot o pamamali ng balakang malapit sa buntot, paglaki ng *mammary gland*, pamamaga ng bulba (ari), madalas na pag-ihi, malambot at matubig na dumi, at madalas na pagsipa ng alin man sa dalawang paa sa harapan.

T- Ano ang mga dapat ihanda para mapaanak nang maayos ang kalabaw?

S- Mahalaga na maghanda ng malinis na lugar na panganganakan ng alagang kalabaw, mga gamit at mga materyales na tulad ng *veterinary kit* na may gunting, sinulid, gamot, *betadine*, *feeds* at kulungan ng bulo.

T- Gaano katagal inaabot ang panganganak ng kalabaw?

S- May tatlong yugto sa panganganak ng kalabaw. Ang una ay ang pagluwag ng sipit-sipitan. Ito ay maaaring tumagal ng 30 hanggang 110 minuto. Tumatagal naman ng 15-30 minuto ang paglabas ng bulo. Pangatlo ay ang paglabas ng



Sa panahon ng panganganak ng mga kalabaw, payo ng mga eksperto na nararapat maalagaang mabuti ang inahin para maging maayos ang paglabas ng bulo nito. Makikita sa larawang ito ang isang bulo at inahin na maayos na naalagaan.

inunan o *placenta*. Ang inunan ay karaniwang lumalabas sa loob ng 12 oras pagkapanganak. Kapag hindi ito kaagad natanggal sa loob ng 24 na oras, ito na ang tinatawag na *retained placenta* o naiwang inunan.

T- Anu-ano naman ang mga dapat tandaan sa pagpapaanak ng kalabaw?

S- kapag sumabog na ang panubigan at hindi pa lumalabas ang bulo sa loob ng dalawang oras, kailangang tumawag na ng beterinaryo dahil maaaring hindi pangkaraniwan ang laki ng bulo, mali ang posisyon o ibig sabihin abnormal ang postura ng binti nito, palihis ang posisyon ng ulo at leeg at nakapatagilid ang posisyon ng bulo.

T- Ano ang palatandaan na nahihirapang manganak ang kalabaw?

S- Kapag ang paglabas ng bulo ay umabot ng mahigit dalawang oras o kung ang inahin ay huminto sa pag-ire.

T- Paano malalaman kung normal at walang naging problema ang panganganak ng kalabaw?

S- Normal ang panganganak ng inahin kapag nakuha niyang linisin ang kanyang bulo at kaya na niya itong mapasuso. Kailangan ding maobserbahan ang paglabas ng

inunan. Kapag nayari ng mailabas ang inunan hindi na dapat natin nakikitaan ang kalabaw ng malalakas na pag-ire. Ang pag-ire pagkatapos mailabas ang inunan ay senyales na posibleng magkabuwa o *prolapse* ang kalabaw. Kapag nakita naman natin na nakaihi ito ng maayos, senyales ito na hindi naharangan ng matres ang pantog ng nanganak na kalabaw.

T- Paano naman ang gagawing pamamahala sa bulo?

S- Pagkalabas ng bulo, suriin kung ito ay buhay o hindi. Linisin ang mga lamad at sapon na maaaring makabara sa bibig at ilong ng bulo para maiwasan na malunod sa *fluid*. Gumamit ng isang tuyo at malinis na tela o damit sa paglilinis at pagtutuyo ng bulo. Huwag kalimutang lagyan ng *betadine* o *povidone iodine* ang pinagputulan ng pusod. Hayaang dilaan ng inahin ang bulo. Ito ay nagpapakita ng "good mothering ability" at nakatutulong sa paglilinis at pagpapatuyo ng bulo. Ilipat ang bulo sa ibang kulungan na may tuyong higaaan.

(Ang artikulong ito ay may karagdagang impormasyon mula kay Genaro Candelaria)

Pagtutulungan ng PCC...

sa 30% ang *calf drop* kung kaya't ito'y nararapat na maitaas pa.

"Mahalaga na malaman natin lahat ng imbentaryo ng ating mga kalabaw sa probinsiya para malaman natin kung saan tayo pupunta para magsagawa ng AI," dagdag pa niyang sabi.

Samantala, ayon naman kay Delizo, ang ilan sa mga serbisyong naibibigay ng PCC ay ang mga sumusunod: (1) *monitoring*; (2) pakikipag-ugnayan sa publiko at pribadong sektor; (3) paghahanap ng *market* para sa gatas; (4) *training*; (5) pagbibigay ng mga pananim na damo para sa *forage area* ng mga magsasaka; (6) serbisyo sa pagpapalahi (*AI at Bull loan*); at (7) iba pang serbisyong teknikal.

Kanyang inilahad na malaking hamon din sa PCC ang mga sumusunod na bagay na dapat isagawa sa Nueva Ecija: (1) pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan sa hayop (partikular sa pagbabakuna at pagpupurga); (2) pagbibigay ng agarang gamot sa kalabaw dahil sa limitadong dami ng empleyado ng PCC na gumagawa nito; (3) pangangalap ng ulat mula sa mga kooperatiba ng magsasakang-maggagatas; at (4) *updated* na imbentaryo ng mga *breedable* na *native* at *crossbred* na kalabaw sa probinsiya.

Dahil sa mga nailahad na usapin, ang mga sumusunod naman ang ipinangako ng iba't-ibang LGUs at PVO na gagawin para makatulong sa PCC: (1) tutulong sa pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan sa mga kalabaw ng magsasaka; (2) magbibigay ng *updated* na ulat ukol sa imbentaryo ng kalabaw; at (3) tutulong sa ahensiya sa pagmomonitor at pagbibigay pa ng mga datos na kinakailangan pa nito at iba pa.

Samantala, sa ginanap na pagpupulong ay dumalo rin sina Dr. Felomino V. Mamuad, *deputy executive director* ng PCC; at Dr. Peregrino Duran, hepe ng *DHIP unit* ng ahensiya, para magbigay ng kani-kanilang mensahe.

Binigyang diin ni Mamuad ang mga sumusunod: (1) kailangang maresolba ang isyu sa mga magagandang kalabaw na naibebenta sa ibang probinsiya at maipon lang ito sa Nueva Ecija; at (2) kinakailangang malaman ang imbentaryo ng kalabaw sa probinsiya.

Pinasalamatan ni Duran ang mga lumahok sa pagpupulong. Kanyang sinabi rin na importante ang papel na dapat gampanan ng bawat isa sa mga lumahok sa pagpupulong para mapataas ang produksiyon ng gatas sa probinsiya.

Kanya pang sinabi: "Inaasahan natin na sa pamamagitan ng isinagawa nating pagpupulong na ito ay mas lalo pa nating mapagtibay ang ugnayan sa isa't-isa tungo sa pagkamit ng ating mga nilalayon sa Nueva Ecija".

6 na magsasakang-maggagatas mula sa NIZ, nagsanay para maging 'FLS-DBP facilitator'

Ni Chrissalyn L. Marcelo

Anim na magsasakang-maggagatas mula sa National Impact Zone (NIZ) sa Nueva Ecija ang nagsipagsanay kamakailan upang maging ganap na *facilitator* sa proyektong *Farmer's Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP)* ng Philippine Carabao Center (PCC).

Sila ay sina Melchor Correa, Eliseo C. Mislant, Allan O. Dayag, Teody G. Nieva, Freddie P. Carlos at Lumicio DC. Magtalar. Pangunahing miyembro sila ng limang kooperatiba ng mga magsasakang-maggagatas sa Nueva Ecija.

Ang kanilang mga kinaaniban ay Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC), Cinense Dairy Cooperative (CDC), Guiset Organic Farmers Credit Cooperative (GOFCC), Simula ng Panibagong Bukas Multi-Purpose Cooperative (SIPBUMPC) at San Rafael Dairy Producers Cooperative (SRDPC) sa gayong pagkakasunud-sunod.

Ang mga kooperatibang ito ay mula sa Lunsod ng San Jose at sa mga bayan ng Guimba at Talugtug.

Kabilang ang mga nagsipagsanay na anim na magsasakang-maggagatas sa 15 indibidwal na sinanay ng PCC sa "Learning Workshop on FLS-DBP" nitong Setyembre 14 hanggang

Oktubre 6 sa National Headquarters and Gene Pool ng ahensiya.

Ang iba pang nagsipagsanay sa *workshop* ay sina Daniel De Vera, Gina G. Tuquero, Estella P. Valiente, Ma. Theresa R. Sawit, Arnolfo B. Corpuz, Geneveve V. Suliva, Ailin E. Battad, Catherine P. Dabalos at Hannah Lois C. Paraoan.

Sila ay mula sa Nueva Ecija at Ilocos Norte na kinatawan ng local government unit (LGU), *village-based artificial insemination technician (VBAIT)* at mga empleyado ng PCC.

Ayon kay Dr. Eric Palacpac, lider ng proyekto, ang mga nagsipagsanay ay bibigyan ng karampatang insentibo kapag nagsimula na silang magturo ng *DBP* sa iba pang mga magsasakang-maggagatas sa napiling mga bayan sa Nueva Ecija at Ilocos Norte.

Ayon sa kanya: "Gagamitin ng mga *facilitators* na ito ang *module* na binuo namin para maturuan ang mga magsasakang-maggagatas sa *DBP*".

Dagdag pa niya: "Nakatakdang simulan ng mga *FLS-DBP facilitator* ang pagtuturo sa Enero sa susunod na taon".

Sinabi ni Dr. Palacpac na sa Luzon pa lang kasalukuyang isinasagawa ang proyekto. Nguni't, kung magbunga ito ng maganda, anya, ay plano ring gawin ito sa Visayas at Mindanao.

"Ang proyektong *FLS-DBP* ay



Ipinaliliwanag ni Dr. Ester B. Flores, National Genetic Improvement Program *coordinator* ng Philippine Carabao Center (nasa gitna), sa mga nagsipagsanay ang tamang pag-alam ng *body condition score* sa kalabaw. Parte ang kanilang isinasagawang aktibidad sa pagsasanay na "Learning Workshop on Farmer Livestock School" na ginanap sa Philippine Carabao Center nitong Setyembre 14 hanggang Oktubre 6.

isang pamamaraan upang mas lalo pang maitaas ang pagtangkilik o paggamit ng mga magsasaka sa mga teknolohiya ng PCC," ayon kay Palacpac.

"Gamit ang *FLS*, o 'yong tinatawag natin na "school-without-walls", ay inaasahan nating maisasagawa natin ang ating mga ninanais at matulungan din ang mga magsasaka na mas lalo pang pag-igihin ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw," dagdag pa niya.

Sinabi ni Palacpac na kauna-

unahan ang *FLS-DBP* sa bansa sa mga pag-aaral na gumagamit ng pamamaraan sa *FLS* sa *dairy buffalo production*.

Iminodelo ito, anya, sa matagumpay na proyekto ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development (PCAARRD), sa pamamagitan ng Livestock Research Division (LRD) nito, sa *FLS in Integrated Goat Management (FLS-IGM)* noong 2001.

NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,
isang ahensiyang nasa ilalim ng
Kagawaran ng Agrikultura

Eric P. Palacpac
Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang
Tagapamahalang patnugot

Lester S. Verona
Nag-ambag ng artikulo

Khrizie Evert M. Padre
Katulong na Patnugot

Chrissalyn L. Marcelo
Layout at Disenyo

Ma. Cecilia C. Irang
Chrissalyn L. Marcelo
Mga manunulat

Chrissalyn L. Marcelo
Marilou A. Vallarta
Tagapamahala sa Sirkulasyon

Anselmo S. Roque
Kasangguni

Eric P. Palacpac
Hepe, Knowledge Management Division

Arnel N. Del Barrio
Pinunong Tagapagpaganap

PARA SA KARAGDAGANG KATANUNGAN, MAKIPAG-UGNAYAN SA MGA SUMUSUNOD:

Pangalan	Katungkulan o Gawain	Cellphone Number
Dr. Peregrino G. Duran	Team leader, DHI-ED/NIZ (Breeding Management Concern)	0917-566-3278
Dr. Lester S. Verona	Veterinarian/Field Technician (Animal Health/Breeding)	0929-865-7893
Dr. Cyril P. Baltazar		0917-517-3843
Mr. Genaro Candelaria	Livestock Specialist	0922-363-0943
Mr. Mario M. Delizo	Field Technician (Breeding/AI)	0932-868-3318
Ms. Wilma T. Del Rosario	Cooperative Management and Monitoring	0922-875-4250
Ms. Estella P. Valiente	Participatory Monitoring and Evaluation	0943-642-7573
Ms. Marilou A. Vallarta	Administrative Staff	0915-639-3785
Mr. Jerome D. Paray	Forage Specialist	0935-190-0791



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

www.pcc.gov.ph



Ang PCC ay may punong tanggapan (National Headquarters and Gene Pool) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Ito ay may telepono bilang (044) 4560-731 hanggang 34; fax no.: (044) 4560-730; at *e-mail*: pcc-oed@mozcom.com